

**WARM-UP**

- Ibahagi ang isang kakaibang kombinasyon ng pagkain na nagustuhan mo.
- Ano ang isang paksa na komportable kang pag-usapan dahil marami kang alam tungkol dito?
- Nagkaroon ka na ba ng katunggali na kalaunan ay naging isa sa pinakamalapit mong kaibigan? Ikuwento kung ano ang nangyari.

**WORD** *<sup>1</sup>Ang maharlikang angkan ni David ay parang punong pinutol. Pero kung papaanong ang tuod ay nagkakaroon ng usbong, darating din ang isang bagong hari mula sa angkan ni David. <sup>2</sup>Mananatili sa kanya ang Espiritu ng PANGINOON at magbibigay ito sa kanya ng karunungan, pang-unawa, kakayahan sa pagpapalano, kapangyarihan, kaalaman, at takot sa PANGINOON. **ISAIAS 11:1-2***

May kawalan ng hustisya sa paligid natin. Ang mga tao ay humihingi at naghahanap ng hustisya na sa tingin nila ay magtutuwid ng mga kamalian dito sa mundo. Subalit ang katotohanan ay nabibigo ang mga sistema ng tao at may limitasyon ang anumang pagsusumikap natin na makapagdala ng pagbabago na gusto nating makita sa mundo. Ang mga Israelita noong panahon ni Isaias ay may kinaharap din na ganitong problema. Hinihintay nila ang ipinangakong Hari na magliligtas sa kanila sa pang-aapi ng ibang mga bayan. Ang Hari na ipapadala ng Diyos bilang kasagutan sa mga hinaing na ito ay walang iba kundi si Jesus, at Siya ang nagbibigay sa atin ng kakayahan na maging asin at ilaw sa mundo (Mateo 5:13-14). Ngayon, tingnan natin kung anong uri ng hari si Jesus.

## 1 | Ang ating Hari ay may dakilang karunungan.

<sup>1</sup>Ang maharlikang angkan ni David ay parang punong pinutol. Pero kung papaanong ang tuod ay nagkakaroon ng usbong, darating din ang isang bagong hari mula sa angkan ni David.

<sup>2</sup>Mananatili sa kanya ang Espiritu ng PANGINOON at magbibigay ito sa kanya ng karunungan, pang-unawa, kakayahan sa pagpapalano, kapangyarihan, kaalaman, at takot sa PANGINOON.

**ISAIAS 11:1-2**

Si Jesus, ang ating Hari, ay hindi kumikilos ayon sa karunungan ng tao, na may limitasyon. Tulad ng Diyos Ama, alam Niya ang lahat at ang Kanyang pag-iisip ay mas mataas kaysa sa ating pag-iisip. Ang Kanyang pag-iisip at pamamaraan ay lubhang malayo sa pag-iisip at pamamaraan natin. Dahil dito, magagawa nating magtiwala sa Kanyang mga plano, salita, at pangako. Ano ang sinasabi ng Isaias 55:9-11 tungkol sa Diyos at sa Kanyang salita?

.....

.....

.....

## 2 | Ang ating Hari ay kumikilos nang may makatwirang paghatol.

<sup>3</sup>Magiging kagalakan niya ang pagsunod sa PANGINOON. Hindi siya mamumuno at hahatol batay lang sa kanyang nakita o narinig sa iba. <sup>4</sup>Bibigyan niya ng katarungan ang mga mahihirap at ipagtatanggol ang kanilang mga karapatan. Sa pamamagitan ng kanyang salita, parurusahan niya ang mga tao sa mundo at mamamatay ang masasamang tao. <sup>5</sup>Paiiralin niya ang katarungan at katapatan, ito ang magiging pinakasinturon niya.

**ISAIAS 11:3-5**

Dahil ang karunungan ni Jesus ay di hamak na mas nakahihigit sa karunungan ng sinumang tao, ang paraan Niya ng pagpapatupad ng katarungan ay naiiba rin. Alam Niya ang lahat, at dahil dito, alam Niya ang lahat ng iniisip, motibo, at ninanais ng Kanyang nilikha. Alam din Niya ang sitwasyon ng mga mahihirap, nangangailangan, at mga inaapi. Ang binasa nating talata ay nagpakita ng uri ng hustisya na dala ni Jesus.

Hindi ito mababaw o batay sa panlabas na anyo. Ayon sa tunay na kaalaman at karunungan, ang hustisya na dala ni Jesus ay may kasamang kalayaan sa mga inaapi, kaparusahan sa mga masasama, at pagpapanumbalik—pagtutuwid ng mga kamalian at pagbabalik ng mga nawala o nasira. Makita man natin ito sa ating buhay o hindi, ang hustisya ng Diyos ang mananaig. Paano nabago ng katotohanang ito ang pagkakaunawa mo sa hustisya?

---

---

---

3

### Ang ating Hari ay nagdadala ng higit sa karaniwan na pagpapanumbalik at kapayapaan.

*Ang asong lobo ay maninirahang kasama ng tupa. Mahihigang magkakasama ang kambing at leopardo. Magsasama ang guya at batang leon, at ang mag-aalaga sa kanila ay mga batang paslit.*

**ISAIAH 11:6**

(Basahin din ang **ISAIAH 11:7-9**.)

Ang larawan na ibinigay ni Isaias ay tila listahan ng mga imposibleng mangyari. Ngunit ito ang tunay na larawan ng pagpapanumbalik—ang uri na si Jesus lamang ang may kakayahan at kagustuhan na ibigay. Ang biktima at mandaragit, mga likas na magkaaway, ay mapayapang mamumuhay nang magkasama para sa Kanyang layunin. Si Jesus, sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyo sa krus, ay hindi lamang basta gumawa ng daan upang manumbalik ang mga tao sa Diyos. Ginawa din Niyang posible ang pagpapanumbalik ng ating mga ugnayan sa ating kapwa at sa buong nilikha. Ito ay patuloy na ginagawa ng Diyos para sa mga nananampalataya kay Cristo. Paano mo naranasan ang kapangyarihan ni Jesus na magdulot ng pagpapanumbalik at magsilbing asin at ilaw sa mundo?

---

---

---

## APPLICATION

- Naisuko mo na ba ang buhay mo sa ating makatwirang Hari? Hilingin sa isang tao na samahan kang manalangin upang tanggapin si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas, na magliligtas sa iyo mula sa kasalanan at mamumuno sa buhay mo.
- Mayroon ka bang mga nakabaong kaisipan at paniniwala tungkol sa katarungan na kailangan mong iayon sa kahulugan ng hustisya na ibinigay ng Diyos? Paano ka natulungan ng aralin ngayon upang magtiwala na ang Diyos ang Makatwirang Hukom at ibalik niya ang mundo sa kung ano ang itinakda Niya?
- Mag-isip ng isang tao na kailangang maranasan ang kapangyarihan ni Jesus na nagdudulot ng pagkakasundo. Paano ka magagamit ng Diyos bilang instrumento ng Kanyang hustisya upang magdala ng pagpapanumbalik at pagkakasundo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesu-Cristo, ang ating makatwirang Hari, upang ilitas tayo at ibalik ang ating ugnayan sa Kanya, sa ibang tao, at sa sangkalikasan.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan upang ganap na magtiwala na ang Kanyang hustisya at katwiran ang mamamahala at maghahari sa mundo.
- Ipanalangin na ang iyong mga ugnayan ay mapasailalim sa Pagkapanginoon ni Cristo. Ipanalangin na magawa mong ipahayag sa mga nasa paligid mo ang mensahe Niya ng pagkakasundo at pagpapanumbalik.



**VICTORY**

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph